

Chapter One

He was going to kill Jacob. Pero susunugin niya muna ang library ng kaibigan at itatapon sa apat na direksyon ang maiipong abo. Pagkatapos ay pupunta siya sa office nito, wawasakin ang office computer nito at—

“Your food is getting cold. The chef and his crew would be insulted.”

Theodore Francis Azcona forced himself to smile at the woman sitting across from him at the restaurant table. The soft lights enhanced the woman’s skin, giving her otherwise pale complexion a healthy glowing color. Her flat, dull brown eyes gazed at him with robot-like calm.

The woman was far from ugly, Ted decided. No, even *ugly* would be too colorful for Isadora Florencia Valderama. And her clothes weren’t the “*What the f*ck were you thinking?*” fashion *faux pas* either.

Normal ang suot nito, nothing flashy, nothing stupid. Plain gray pantsuit and dark blue pumps. Pearl earrings and gold bracelet. Classy jewelry. Overall, hindi ito mukhang makikipag-date. Isadora looked like she was going to a business meeting rather than on a date.

That was fine with Ted. It was just...

Her.

Pasimple siyang uminom ng red wine habang nakatitig sa babae. Blangko itong tumingin sa kanya. Para itong walang lasang crackers o walang personality na lantang gulay. Dull, tipong patutulugin siya o ihuhulog sa coma sa pagkaboring.

“Well,” aniya, tinusok ang calamari ng tinidor, “I’m still paying, so I doubt if they’d complain.” Isinubo niya ang piraso ng pusit at kumalat ang flavor sa kanyang bibig.

Not bad, but not the best either.

Talagang makakarinig sa kanya si Jacob pag-uwi niya.

“I am sorry about this. Jacob didn’t have to set me up on a date.” Tuwid ang likod na parang nasa isang military camp, hiniwa ng babae ang steak sa plato nito sa maliliit na piraso.

May pakiramdam siyang kapag sinukat niya ang mga piraso ng karne ay malalaman niyang pantay-pantay ang mga iyon hanggang sa second decimal place.

“It’s okay,” pagsisinungaling ni Ted. “How long have you and Jacob been friends?”

“Since we were kids.”

“Your families used to be neighbors?”

“Yes.”

“So tell me about your work.”

“I handle the administrative side of our business.”

“Siblings?”

“A brother.”

“He works in the family business, too?”

“Yes.”

“Have you ever worked outside the family business?”

“No.”

Matigas siyang ngumiti at pinigilang sumigaw.

Goddamnit. What the hell was Jacob thinking?

Mas entertaining pa ang makukuha niyang conversation sa GPS navigation system niya kaysa sa babaeng ito.

Yes, no, yes, no, at iba pang monosyllabic answers lang ang nakukuha niya kay Isadora. Ni hindi ito nag-abalang magpanggap na interesadong makipag-usap sa kanya. And that was just rude.

Hah. Muli siyang tumusok ng calamari.

Kung hindi ito interesado... well, news flash, the feeling was f*cking mutual. Hindi ba siya kilala ng babaeng ito?

He was Theodore Francis f*cking Azcona. And it was a f*cking Friday night. Friday nights were a f*ck galore for him. He should be off partying with friends tonight, probably nailing some big breasted, long-legged chic already by now. But no, because

of some stupid bet, he had to be here with Miss All-Time Boring Drill Sergeant, chowing down some second-rate seafood and wine.

Nag-ring ang phone ng babae at dinukot nito iyong mula sa bulsa nito. “Theodore—”

“Ted,” putol niya rito, at sumimsim ulti ng alak. “Just Ted.”

Those dull brown eyes remained expressionless. “Ted, excuse me for a minute. I need to take this.” Tumayo ito at naglakad palayo sa kanilang table.

“Just f*cking rude,” pakli niya sa sarili nang makalayo na ang babae.

Kinuha niya rin ang phone sa kanyang bulsa at pinindot ang number ni Jacob.

Sinagot nito ang tawag sa pangatlong ring at halos mabingi siya sa pagsabog ng ingay mula sa kabilang linya.

“Ted! How’s it—”

“I’m going to kill you, you bastard. What the hell’s wrong with you?”

“What? What are you—”

“I will torch your precious library, your precious home and university office, then I’ll peel off your skin and—”

“Hey, hey, wait just a minute.”

Humina ang ingay mula sa kabilang linya at nakarinig siya ng pagsara ng isang pinto. Hula niya ay nasa loob ito ng restroom.

“What’s wrong?”

“What’s wrong?” Gusto niyang isuot ang kamay sa loob ng cellphone at sakalin ang kaibigan. “You set me up with Miss Boring 2015! What the hell were you thinking?”

“Hey, that’s not nice. Isadora’s a very interesting—”

“Interesting?” Ramdam ni Ted ang pagpintig ng isang galit na ugat sa kanyang sentido. “I’ll show you interesting. You’d better change your locks because I’m going to burn your goddamn books and—”

“Hey, calm down—”

“What the f*ck, Jacob?” Pinilit niyang huwag sumigaw. “Fine, natalo ako sa pustahan n’ung isang linggo. Pero ba’t mo ’ko sinalang sa ganitong parusa? Ano ba’ng ginawa ko sa ’yo? My brain cells are slowly dying here. Alam mo ba kung gaano kahirap mag-regenerate ang mga brain cells?”

“I’m a professor of Physics, not Bio. But I know someone who knows that. And as Levi’s already engaged, you’re the only one—”

“You ruined my Friday night. You know how I need my Friday nights! You are gonna pay—”

“I just want her to meet other people.” Parang pagod na matanda na nagbuga ng hangin ang kaibigan niya sa kabilang linya. “I just... Isadora’s a bit of a loner, okay? And I want her to socialize a

bit.”

“She doesn’t want to socialize,” he snapped, ignoring the few heads that turned his way. “She’s got not interested plastered across her face. She’s rude.”

Inis siyang tumitig sa labas. Kahit ang makapigil-hiningang overlooking view ng metropolis ay hindi kayang pagandahin ang mood niya. Kumikindat ang makukulay na ilaw sa ibaba, parang multi-colored na mga alitaptap na nakikipagkumpetensya sa mga bituin sa langit.

Sa ibang pagkakataon, aaliwin ni Ted ang sarili sa paghahanap ng mga constellations sa kalangitan. Saulo niya ang mga iyon pati ang Roman at Greek mythology stories na may kaugnayan doon. But he was not in the mood for mythology and stargazing right now.

Bukas ang buong paligid ng restaurant at malamig ang hangin. The scent of the leaves, trees and grasses mildly wafted through the breeze.

Isadora chose the place, and Ted wished he hadn’t let her. Dapat ay siya ang pumili ng lugar. It should have been in Makati or Pasig or somewhere nearer the place his friends frequented so he could still catch up after *this* date. It shouldn’t have been here in freaking Antipolo.

“No, Ted, hindi niya lang alam kung paano makipag-usap nang tama sa ibang tao. She’s shy—”

“What? Autistic ba siya? She’s—”

May sumigaw sa kabilang table at may bumagsak na plato sa sahig.

“Hey, what’s that?” May alarm sa boses ni Jacob.

Parang kinuryente ang babae sa pagsigaw at tumakbo ito palayo sa table. May tumakbong lalaking waiter papunta sa mesa pero sumigaw rin ito nang makita ang kung ano sa sahig.

“Oy, ano’ng nangyayari d’yan?”

“Later, Jacob.” Tinapos niya ang tawag at lumapit sa kaguluhan. Inihanda niya ang phone para tumawag sa police kung kinakailangan. It could be a bomb or a...



Chapter Two



“**A** has!” tili ng isa pang customer at halos maitaob nito ang mesa sa pag-akyat nito sa upuan.

Nagtilian na rin ang ilan pang customers na malapit; may nagtatakbo.

Napatda si Theodore. *Ahas? The hell.*

Pero naree talaga iyon, parang isang mataba at makintab na tali na gumagapang sa sahig. Parang basang alahas ang kaliskis nito, at kumikinang iyon sa pagtama ng ilaw. Tumili ang isa pang customer nang mapalapit dito ang ahas. Sa pag-urong ng babae, nabunggo nito ang mesa at nahulog ang isang mataas na baso. Bumagsak ang baso sa sementadong sahig at nagkapira-piraso.

Parang narinig pa niyang nag-hiss ang ahas, at nagpalit ito ng direksyon. Papunta sa kanya.

Hell.

At least I didn't scream, Ted thought. He didn't even squeak, so points for him. Pero nanlaki ang mga mata niya at napaurong din siya.

Okay, Ted, ahas lang 'yan.

He could handle this. Ano ba ang alam niya sa mga ahas? Oh, yeah. Wala.

Napamura siya sa sarili. He was never the

outdoor type. He was a city boy through and through. Wala siyang makitang maganda sa mga insekto at mga kung anu-anong gumagapang sa lupa na kasama sa mga outdoor activities. They all looked nasty to him. And this one looked nasty and angry. Lumalabas pa ang dila nito at patuloy sa pag-hiss habang gumagapang papunta sa kanya. He imagined it was cursing him, plotting the best strategy to strike him and bite his ass.

May humarang sa pagitan ni Ted at ng ahas.

Ilang segundo bago naproseso ng brain cells niya na si Isadora iyon. Bago pa siya makapag-ipon ng lakas para magpanggap na sort of knight in shining armor at hilahin ang babae sa mas ligtas na posisyon, ibinaba ng dalaga ang isang tray sa sahig na para bang pumulot lang ito ng damo sa garden.

He gaped at her.

Pero wala iyon sa sunod na ginawa nito.

Gamit ang isang floor mop na hindi niya alam kung saan nito nakuha, winalis nito ang ahas papunta sa tray.

Kagaya ng ibang customers sa loob ng restaurant, nakatunganga lang niyang pinanood na pasakayin ng dalaga ang ahas sa tray. At para bang araw-araw nitong ginagawa iyon, tinakpan ni Isadora ng malaking stainless food cover ang tray na kinalalagyan ng ahas.

Binuhat nito ang tray at humarap sa kanya.

“It’s a *Calamaria gervaisii*,” anito, na para bang inilalarawan lang ang isang bagong model ng *iPhone*. “Katutubo ito sa Pilipinas. We have it in Mindoro, Panay, Negros, Cebu, Catanduanes and Basilan. It’s harmless. Roughly eighty-five percent of snakes in the world are harmless. Mapuno at madamo sa labas at doon siya nanggaling. Ahas-bahay ang tawag namin dito sa probinsya. Ilalabas ko lang siya.” Parang nagpaalam ulit na tatanggapin lang nito ang isang phone call, lumabas ang dalaga ng restaurant kasama ang tray na may ahas.

Nakaaawang ang mga labi na natuon sa kanya ang lahat ng mga mata sa loob ng restaurant.

“Ah...” Pinilit niyang ngumiti. “Uhm... Yeah, we’re leaving. Waiter, bill out please.” Umupo si Ted at dinukot ang kanyang wallet.



“I told you not to drive me home.” Tuwid na tuwid ang likod ng babae sa passenger seat na para bang nasa military camp nga ito.

Niluwagan ni Ted ang pagkakapulupot ng mga daliri niya sa manibela. “It’s okay, malapit lang naman.”

“That’s not the point. You didn’t have to do it.”

“I said it’s okay.” Pinatay niya ang makina ng kotse at bumuga siya ng hangin.

God, the woman was irritating. Kung umasta

ito ay parang taong grasa siya na ikinahihiya nitong makitang kasama nito.

*The f*ck? Sa kanilang dalawa, tingin niya ay siya ang may reputasyon na kailangang alagaan. He had high standards in women, damn it.*

Okay, so maybe... not so high, just a nice pair of tits and legs would do. But, hey, the woman had to be pretty, too. He was digressing. The point was, the people who *knew* him would definitely have a good laugh if they saw him with someone like Isadora.

Pinipigil ang pagbuga ng inis sa kanyang lalamunan, muli niya itong kinausap. “Malapit lang dito ’yung building ko. You didn’t bring a car. You live in Pasig. It’s the least I can do, after you saved everybody from the snake.”

Hindi nito pinansin ang sinabi niya. “But I already called a taxi.”

“It’s a date in case you aren’t aware,” he snapped. “I’m supposed to bring you home.”

Nanatiling makinis pa rin ang mukha ng babae, ni hindi ito kumunot-noo o nagpakita ng kahit anong tanda ng pagkainsulto. And that pissed him off even more.

The thing was, Isadora could have been beautiful. She had big brown eyes, clear pale skin, and thick, black hair. Nakapusod iyon pero sa tingin ni Ted ay wavy ang buhok nito kapag nakalugay.

Pero kahit mala-Audrey Hepburn na ganda ay magmumukhang modelo ng kabaong sa panglamay nitong ekspresyon.

“I know it’s a date. Jacob said so.”

“Great. Perfect. Good night.”

“Are you supposed to kiss me, too?”

Nabilaukan si Ted sa sarili niyang laway.

“W-what?”

Sa pagkakataong iyon ay nakakunot-noo na si Isadora. Pero wala ni katiting na pag-blush sa maputi nitong balat.

“Nothing. Thank you for the date. I had fun.”

Binuksan nito ang pinto ng kotse pero muling lumington sa kanya. She hesitated, uncertainty flickering in her deep brown eyes. And for a moment, the cool exterior melted, and she seemed paler, younger. “Thank you for tonight. I’m well aware that Jacob only forced you to date me. I’m sorry for messing up your Friday night. It really is nice meeting you, Ted. Good night.”

Lumabas ito ng kotse bago pa siya makakurap.

Sumimangot siya. *What the hell?*

Naningkit ang mga mata niya habang tinititigan si Isadora na pumapasok sa building nito.

Did she do that on purpose? She probably did. She did that to make him feel like an ass.

Humalukipkip si Ted kahit na nakapasok na ang dalaga sa condo building nito.

Well, f*ck her.

He was not feeling guilty. So what if he was a bit rude? Naging bastos din ito sa kanya. And he did try to make conversation, didn't he? *Didn't he?*

Wala siyang ginawang masama, hindi ba? *Di ba?*

Nakasimangot niyang binuhay ang makina ng sasakyahan.

“Women,” he muttered. This was the reason why there was misogyny in several mythologies of the old world.

Si Helen of Troy, si Hera, si Salome, heck, si Eve sa Bible. Halata ang disgusto sa kanila sa mga mitolohiya dahil sila lagi ang dahilan ng mga kaguluhan. Babae lagi ang nasa likod ng mga delubyo.

Dalawang kanto lang ang layo ng building ni Isadora sa building niya, isang bagay na ikinalalim ng kunot-noo ni Ted. He didn't like coincidences. They made him twitchy and suspicious. Nag-park siya sa basement at dumerecho sa elevator.

“I didn't do anything wrong,” he told himself. “She's the one who's all rude and prissy.”

At his door, he keyed his code, swiped his card for identification. Natigilan siya pagkabukas niya ng pinto. It was the familiar thick scent of expensive female perfume that stopped Ted in his tracks—his mother's.

Tumayo ang balahibo niya sa batok. Parang masamang omen lagi ang kahit anong elementong galing sa nanay niya.

And as if the heavy perfume wasn't enough, there was also something that smelled like a dirty rag that hadn't been washed in days. Hinampas niya ang switch ng ilaw sa tabi ng pinto.

Umawang ang bibig niya sa bumalandra sa kanya.

He knew it. Women were a pain in the ass!
Puwede bang magpapalit siya ng nanay?

“Mom!” sigaw niya.



Chapter Three



“**W**hat the hell, Mom! Ba’t ka nag-iwan ng aso sa bahay ko?” Tinitigan ni Ted nang masama ang maliit na poodle na nakabaluktot sa isang basket malapit sa coffee table. Mukha iyong bola ng makapal na bulak. Malalaki ang chocolate brown eyes nito, at sinusundan siya ng tingin habang pabalik-balik siyang naglalakad sa kahabaan ng kanyang living room. *Creepy f*cker.*

“I’m sorry, Teddy, but I can’t bring him with me. I’m going to Europe and—”

“Then why the hell did you buy a dog?”

“Oh, Teddy, lower your voice. You’re busting my eardrum.”

Alam niyang madramang inilayo ng kanyang ina ang cell phone sa tainga nito sa pagsigaw niya. Pinigilan niya ang sariling ibato ang cell phone sa pader sa inis.

“You shouldn’t have bought the darn thing.”

“I can’t help it! Popsy looked at me like he was begging me to buy him! I couldn’t help buying him!”

Madiin siyang pumikit at huminga nang malalim. Patience. Saan ba nakakabili niyon?

“Mom,” ani Ted, pinipigilan ang sariling

sumigaw ulit sa telepono, “maiawala n’yo ang kamay n’yo kung hindi ’yon nakakabit sa inyo. Anong ilusyon ang pumasok sa isip n’yo at naisip n’yong bumili ng aso?”

“Teddy, please, you have to take Popsy in. I checked with your building, puwede ang pets.”

“That’s not the point! You can’t just—”

“Oh, Teddy, honeypie, tinatawag na ’ko ng flight ko. I’ve got to go. I call you when I reach Paris, *oui?* Good night, baby. Take care, okay? You have to walk the dog every morning or he’ll get antsy and he’ll mess up your place. Bye-bye! Mwah!”

“Mom!”

Pero patay na ang linya. Hinayaan niya ang sariling sumigaw.

Ni hindi tumahol ang aso sa basket. Malalaking mata lang itong nakatitig sa kanya na para bang hayop din siya.

Gusto niyang sumigaw ulit.



Nag-staring contest sila ng aso kinaumaghan. Parang gusto nitong umiyak at isumbong siya sa *People for the Ethical Treatment of Animals* sa dimakataong pagtrato niya rito.

“Well, tell that to my mom,” asik niya sa aso.

Umungol ang malabolang bulak at sigurado siyang umiyak nga ito.

“Goddammit.” Gusto niya talagang sakalin ang

nanay niya.

What the hell was his mother thinking? Ni hindi nga nito kayang mag-alaga ng goldfish, aso pa? Hindi ba parang pag-aalaga ng bata ang aso? And as far as he could remember, his mother would get an F minus on that subject, too.

He grew up with nannies and tutors. His mother was just not equipped to handle a child. Madalas ay parang bata rin ito na kailangang alagaan. Hindi nakatulong na halos 24/7 magtrabaho ang tatay niya. He was nine when his parents had their marriage annulled.

Sa totoo lang, tingin ni Ted ay hindi dapat nagpakasal ang dalawa. Umiling siya habang patuloy sa pag-iyak ang poodle.

“Popsy,” pakli niya. “What kind of name is that? From now on, you are not Popsy!” Dinuro niya ito. “You are...” Tumiim-bagang siya at seryosong tumitig sa mabalahibong poodle. Mukha itong laruan sa cute. “You are... you are Tiger. Yes, Tiger! That sounds better.”

Tumahol ang aso at ikinawag-kawag ang buntot nito. Hindi niya napigilang ngumiti at umupo siya sa coffee table na yari sa dark wood at hinimas ang balahibo nito.

“Good. That’s right. Bark.”

Ang liit nito, parang mababali niya ang mga buto kapag sinubukan niyang buhatin.

Shit. Sabi ng nanay niya ay kailangan niya itong paglakad-lakarin sa umaga kung di ay baka maghasik ito ng lagim sa bahay niya. Pero paano niya gagawin iyon?

Nakasingkit ang mga matang sinuri niya si Tiger. Puting-puti ito at parang tinunaw na tsokolate ang mga mata. Pa-cute lang ang ganitong uri ng aso, iyong tipo na dinadala ng mga nagpapacute na babae at bata habang nagsa-shopping ang mga ito.

How the f*ck was he supposed to walk this dog? Na-imagine ni Ted ang sarili, naka-gym shorts at white shirt, muscular and handsome and awesome as he jogged across the park. At sa tabi niya ay ang isang cute na poodle na may pink ribbon sa pagitan ng mga tainga.

Goddammit.

Inis siyang namaywang. He was going to look like a sissy! Why did it have to be so freaking small and cute? He didn't like cute. A dog should be big and burly and intimidating. Parang Alaskan Malamute o German Shepherd o St. Bernard. It should bark and growl and snarl. Mukhang kulang sa practice ang aso sa pagtahol.

"You need to bark louder," utos niya rito. "Come on, bark. Raf! Raf!"

Ikiniling lang ng aso ang ulo nito at tumitig sa kanya. Bumuga siya ng hangin at isinuklay ang mga

daliri sa buhok.

“F*ck.”



Dinala ni Ted si Tiger sa malapit na park sa building niya. Better safe than sorry. He loved his unit, and he preferred to keep it clean and habitable. Ayaw niyang i-underestimate ang kakayahan ng isang bored at restless na poodle at ipakipagsapalaran ang kaligtasan ng furniture niya.

Isa pa, kailangan din niyang bumili ng mga gamit at pagkain ng aso. At dumaan sa veterinarian. Kailangan niyang makasigurong nabakunahan na ang tuta at wala itong sakit o kuto. Wala siyang tiwala sa nanay niya na maalala ang ganoon ka-basic na mga bagay.

Hindi niya pinansin ang tingin sa kanya ng mga nagjo-jog sa park.

*Mind your f*cking business,* parang gusto niyang isigaw.

Sabi nga nila, real men wear pink. Parang ganito rin iyon. Real men walk poodles.

Ngumiti siya sa sarili. Maybe that should be a slogan. He knew he was brilliant in marketing. And project developing. And practically every-f*cking-thing. Lumapad ang ngiti ni Ted. Yup, that was him. Kaya nga na-expand na niya ang business ng tatay niya from hotels to resorts. Tamang investments, tamang negotiation, tamang calculated risks at

vision, at nadoble na niya ang hotels ng tatay niya. He was thinking of going to housing lately. Affordable but comfortable housing. He had to finish his research on that.

Tumahol-tahol si Tiger at hinabol ang ilang mga ibon sa isang bench. Ngumisi siya at sinundan ito.

May babaeng nag-i-stretching malapit doon. Naka-yellow racerback sando ito at black leggings.

Toned skin and muscles, ang unang pumasok sa isip niya, kasunod ang, *one fine ass*.

She had a shapely ass. Parang pang-SPG at hindi bagay sa umaga ang ginagawa nitong pagtuwad-tuwad habang nag-i-stretch ito sa gitna ng parke.

Ted grinned as he watched her stretch out those long, toned legs. The material of her leggings shaping her ass like a second skin, he could practically see how her butt muscles clench and tighten as she stretched and squatted. She was probably breaking some law on good public behavior and decency with the way she was displaying her body's mouthwatering flexibility. But hey, he wasn't complaining.

Ngumisi siya habang patuloy na pinanonood ang pag-squat ng babae. He would really love to squeeze that ass and—

Humarap ang babae sa kanya.

Nabitawan niya ang leash ni Tiger. Tumahol-

tahol ang poodle pero parang estatwa lang siyang nakatitig sa dalagang nakaharap sa kanya.

“Oh,” anas nito, medyo paos ang tinig.

She didn’t seem so pale now. A faint flush colored her smooth, damp cheeks.

Strawberries and cream, Ted thought, as he stared at her petal-like skin. Speaking of petals, her parted lips looked like rose petals, too. Moist, red and velvety.

Ipinunas ng dalaga ang towel sa pawis sa leeg at napakurap siya. Napatitig ito sa aso niya at kumunot-noo ito.

“You have a poodle.”

Napakunot-noo rin si Ted, at mabilis na umiwas ng tingin dito. Hell, he hoped to f*ck he hadn’t been staring at her like an idiot.

“Ah, yeah.” Tumikhim siya dahil parang paos din ang boses niya. Tumango ito at tumalikod at akmang magjo-jog palayo. His eyes widened. “Hey, wait.”

Tumigil si Isadora at napatitig sa kanya. Those eyes were so clear and dark. And were her lashes really that thick and long? Tumikhim ulit siya, pilit pinigil ang pagnanais na hawakan ang kanyang batok.

Goddammit, man, think!

“You jog here every morning?” ang tangi niyang nasabi.

Tumango si Isadora at iniunat ang isang braso papunta sa kabilang balikat nito habang nakahawak ang isang kamay nito sa siko.

Okay, so she had nice tits, too. Full, high, and yeah, they were pretty big, too. Probably 36C. Hindi niya napansin iyon kagabi. Hindi pa rin siya sigurado ngayon. He had to have a feel first. Yeah, he was a perv. That's no longer news. Pero sa pagkakataong ito, kasalanan iyon ni Jacob. He didn't get his Friday fix last night because of the goddamn date. At ngayon ay parang naglalaway siya sa nasabing date niya na kagabi ay kinabagutan niya.

Tumahol si Tiger at tumakbo sa dalaga. Tumaas ang sulok ng mga labi ni Isadora at parang namulikat ang mga kalamnan ni Ted sa tiyan.

Okay, so she had a nice smile, too. Big f*cking deal.

Ikiniskis ni Tiger ang mukha nito sa ankle ng dalaga at umupo si Isadora para haplusin ang ulo ng poodle.

Isinuksok niya ang mga kamay sa bulsa at lumapit sa babae. “You have dogs?”

Napatingin sa kanya ang dalaga na para bang naalala nitong naroon nga pala siya. “What?”

“Dogs. May aso ka rin ba?” Umupo siya sa tapat nito.

May kaunting freckles ito sa ilong at sa mga

pisngi. Hindi niya rin iyon napansin kagabi.

Kumunot-noo ang dalaga na para bang tinanong niya ito kung ano ang square root ng one thousand five hundred sixty-seven.

“It’s a yes or no question, Isadora,” matabang niyang sabi nang nanatili itong walang-imik.

“No,” anito, at tumitig ulit kay Tiger. “No, I’ve never had a dog.”

“He likes you.”

“Hmm?” Distracted itong napatingin ulit sa kanya. “Sino?”

“Luke Skywalker. The dog, who else?”

“Oh.”

“His name’s Tiger.”

“That’s a stupid name.”

“That’s rude.”

“Tiger, cat family. He’s a dog, a canine.”

Sumimangot siya. Okay, she had a point. And now he felt stupid. Bakit di niya naisip iyon?

“I’m sorry,” untag ng dalaga. “I didn’t mean to offend you. What’s in a name, right?”

Iwinasiwas ni Ted ang kamay para balewalain ang sorry nito. “You’re right, I’m going to think of another name.” Nag-Indian sit siya sa damuhan at bumunot ng ilang damo at itinapon iyon.

“Huwag mong bunutin ’yang mga damo.”

Tinigil niya ang akmang pagbunot ulit sa damo. “Yeah, sorry.”

“Mukhang nauuhaw na siya.”

“Yeah?” Hinimas ni Ted ang ulo ng alaga at dinilaan ng aso ang kamay niya. “Eww, stop that.”

Tumawa si Isadora at napatingin siya rito.

Nagliwanag ang mga mata nito sa ginawang pagtawa, at nadagdagan ang kulay sa mga pisngi nito.

“May tubig ako dito.” Inabot nito ang isang water bottle na nakapatong sa kalapit na bench. Pagkatapos ay kiuha nito ang isang Swiss knife sa bulsa ng leggings nito.

“Oy, wait—”

“What?”

“Ah, I don’t know. Deadly weapon?”

Magkasalubong ang mga kilay na inginuso ni Ted ang hawak nitong Swiss knife.

“It’s just a knife. Tatanggalin ko lang ’yung lower half ng bote para makainom si Tiger.”

Kalahati na lang ang laman ng bottled water, at gamit ang isang expertise na nagpaurong kay Ted, hinati ng dalaga sa gitna ang plastic na bote.

“That is one seriously sharp Swiss knife. Where the hell did you learn to use it like that? That is *not* normal.”

Napakurap ang dalaga at tumitig sa kanya, pagkatapos ay kunot-noong binalingan nito si Tiger at pinainom.

“Bumili ka ng flip bowl para sa kanya,” sa halip

ay sagot nito. “Mainit ngayon, dapat may dala ka laging tubig kapag inilalabas mo siya. Nahi-heat stroke din ang mga aso.”

“Sabi mo wala kang aso.”

“Hmm?” Kumurap ito at ipinukol ang chocolate brown eyes sa kanya. May kaunting flecks ng gold sa paligid ng mga pupils nito.

“Sabi mo hindi ka pa nagkaroon ng alagang aso. You sound like a dog expert.”

Kumunot-noo ulit ni Isadora at napakagat-labi. She had a wide mouth and full, plump lips.

“I read about it somewhere.” Tumayo ito bago pa siya makakurap. “Sige, mauna na ’ko.”

“Hey, wait!” Tumayo rin siya.

Pero nagjo-jog na ito palayo.

Bumuga ng hangin si Ted at nakapamaywang na tumitig kay Tiger. Kuntento pa rin itong umiinom sa *DIY* drinking bowl ni Isadora.

“What did I do now?”

Tumahol si Tiger at ikinawag-kawag ang maikli nitong buntot.

